# PAGTUKOY SA PANGANGAILANGAN*

Bago tayo magsimula sa paggawa ng isang proyekto sa komunidad, kailangan muna nating tukuyin ang mga pangangailangan. Minsan, kasindali ng ABC ang pagtukoy sa mga pangangailangan pero may mga pagkakataon na makakaharap ka ng mga munting problema. Tutulungan ka ng aktibidad na ito na kilalanin ang iyong komunidad upang matukoy ang pinakamahihirap na hamon na maaari mong tulungang matugunan.

**Pamumuno at Pagbuo sa Kinabukasan**

**Oras na Kailangan**

Ikaw ang bahala

**Hirap**

Katamtaman

**Mga Kagamitan**

Panulat, papel, mga lider at miyembro ng komunidad, mga teammate, pakikiramay

*Ginawa ang aktibidad na ito bilang karugtong ng pag-aaral na konektado sa **Vijana Tupo** Limitless Project.

## Mga tagubilin

**Unang Hakbang**

- Magtanong-tanong. Puwede kang gumamit ng mga Google Form o questionnaire para gumawa ng mga survey. Ito ang pinakamahalagang hakbang.

**Ikalawang Hakbang**

- Alamin ang pinakasanhi. Maraming hamon sa ekonomiya at dulot ng iba't ibang isyu ang bawat hamon. Kakailanganin mong itanong ang 5 Bakit. Pag-uusapan pa natin ito.

**Ikatlong Hakbang**

- Upang makapagsagawa ng pagbabago, dapat kang makiramay. Ibig sabihin, matapos malaman ang pinakasanhi, kailangan mong makita iyon sa pananaw ng iyong komunidad.

**Ikaapat na Hakbang**

- Makipag-ugnayan sa iyong komunidad upang makabuo ng mga solusyon nang sama-sama.



# PAGTUKOY SA PANGANGAILANGAN*




## Halimbawa ng Vijana Tupo: Ang 5 Bakit

Gagamitin natin ang halimbawa ng Vijana Tupo. Noong sinimulan ko ang Vijana Tupo, gusto kong lutasin ang kawalan ng trabaho ng mga kabataan sa aking komunidad kaya ginamit ko ang The 5 Whys Method para tugunan ang problema at tukuyin ang pinakasanhi. *Puwedeng iayon sa iyong sitwasyon ang mga tanong na ito.*

**Problema:** Kawalan ng trabaho ng mga kabataan sa aking komunidad

- Bakit may kawalan ng trabaho sa mga kabataan?
  - Dahil may limitadong pagkakataon ang mga kabataan sa aking komunidad upang makapaglinang ng mga kasanayan sa trabaho.
- Bakit walang naaangkop na kasanayan ang mga kabataan?
  - Dahil hindi itinuro sa kanila ang mga kasanayang ito sa paaralan.
- Bakit hindi sila tinuruan ng mga kasanayang ito sa paaralan?
  - Dahil hindi ito tinatanggap ng ating kurikulum.
- Bakit hindi tinatanggap ng ating kurikulum ang paglinang ng kasanayan sa trabaho?
  - Dahil limitado ang mga oportunidad sa trabaho sa ating komunidad.
- Bakit may limitadong oportunidad sa trabaho sa ating komunidad?
  - Dahil hindi sapat na itinataguyod ang pagsasariling pang-ekonomiya.

**Pinakasanhi:** Kakulangan sa pagsulong ng pagsasariling pang-ekonomiya

*Natukoy ko ang sagot na kailangan ko sa tulong ng mga tanong na ito. Kinailangan kong makahanap ng paraan upang matulungan ang mga kabataan na magkaroon ng mga oportunidad sa paglinang ng kasanayan sa trabaho upang maaga nilang masimulang magkaroon ng sariling kabuhayan.*



# PAGTUKOY SA PANGANGAILANGAN*

## Mga Susunod na Hakbang:

Tanungin sa iyong pamilya ang pinakamabibigat na isyu sa kabuhayan. Puwede ka ring magtanong sa mga miyembro ng komunidad. Puwede mong gamitin ang Google Forms upang mas maraming matalakay.

Alamin ang pinakasanhi. Gamitin ang paraang may 5 bakit para maunawaan at makiramay. Maraming isyu ang hindi gaya ng inaakala natin.

Makipagtulungan sa mga kaibigan. Mas marami kang magagawa kapag ginamit mo ang lahat ng kalakasan ninyo ng mga kaibigan mo. Puwedeng magkaroon ng mas magagandang resulta sa pamamagitan ng pagtutulungan.

Makipag-ugnayan sa mga lider ng komunidad. Puwedeng sila ang iyong mga magulang, administrador ng paaralan, o sinumang matagal nang nasa komunidad at nakakaunawa sa mga hamon. Kailangan mong matuto mula sa mga taong kumikilos na rito bago subukang tukuyin kung saan ka puwedeng tumulong.

Magsulat ng mga tala para sa lahat ng iyong mahahanap. Pagpangkat-pangkatin ang mga isyu ayon sa kung gaano kadalas matutukoy ang mga iyon kapag nakikipag-usap sa mga lider ng komunidad.

Magsisimulang mangyari ang pagbabago sa sandaling matukoy mo ang pangangailangan. Sa pamamagitan ng pagtukoy sa kakulangan, nagawa mo na ang unang hakbang sa pagtugon sa kakulangan upang matugunan ang mga pangangailangan gamit ang mga mapagkukunan ng komunidad.

